### Prepasyo ng mga Apostol

**Vere dignum** et iustum est, æquum et salutáre: Te, Dómine, supplíciter exoráre, ut gregem tuum, Pastor ætérne, non déseras:

**Tunay ngang marapat** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali: Hinihiling namin, O Pastol na walang hanggan, upang huwag pabayaan ang iyong kawan.

Sed per beátos Apóstolos tuos, contínua protectióne custódias: Ut iísdem rectóribus gubernétur, quos óperis tui vicários eídem contulísti præésse pastóres.

Sa mga banal na Apostol, lagi mo itong pangalagaan at ipagtanggol: nawa'y kalingain at pamunuan ng mga pinuno ng banal Mong Simbahan ang iyong kawan, nang maipagpatuloy nila ang gawain ng mga Apostol.

Et ídeo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónibus, cumque omni milítia cæléstis exércitus, hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

### Antipona sa Komunyon • *Mt 19:28*

**Vos** qui secúti estis me, sedébitis super sedes, iudicántes duódecim tribus Israël.

**Kayong** mga sumunod sa akin ay uupo rin sa labindalawang trono na naghuhukom sa labindalawang lipi ng Israel.

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Beáti** Apóstoli tui Jacóbi, quaésumus, Dómine, intercessióne nos ádjuva : pro cujus festivitáte percépimus tua sancta lætántes. Per Dóminum.

**Isinasamo** namin, O Panginoon, na kami'y tulungan mo pakundangan sa banal mong Apostol na si Santiago, yamang sa pagdiriwang namin ng pista niya'y tinanggap naming may tuwa ang Iyong banal na sakramento. Sa pamamagitan ni Jesucristo...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Hulyo 25*




# SANTIAGO MAYOR
## Apostol

*Misa "Mihi autem"*
*II cl. • Doble II cl. • Pula*

### Pambungad na Antipona • *Ps 138:17*

**Mihi** autem nimis honoráti sunt amíci tui, Deus: nimis confortátus est principatus eórum. — *Ps 138:1-2* Dómine, probásti me et cognovísti me: tu cognovísti sessiónem meam et resurrectiónem meam. *V.* Gloria Patri. Mihi autem.

**Para sa akin,** ang Iyong mga kaibigan, O Dios, ay talagang sukdol kagalang-galang; ang kanilang pamumuno'y lalo pang pinagtibay. — *Salmo 138:1-2* Panginoon, siniyasat mo ako at nakilala mo ako. Iyong nalalaman kapag ako'y umuupo at kapag ako'y tumatayo. *V.* Luwalhati sa Ama. — Para sa akin...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Esto,** Dómine, plebi tuæ sanctificátor et custos : ut, Apóstoli tui Jacóbi muníta præsídiis, et conversatióne tibi pláceat, et secúra mente desérviat. Per Dóminum.

**Lingapin** mo't pabanalin ang Iyong bayan, O Panginoon, upang sa tulong ng iyong banal na Apostol na si Santiago ay kaluguran Ka namin sa aming pamumuhay, at mapaglingkuran Ka naming matiwasay ang isipan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Sa mga Misang hindi dinadaluhan ng bayan, may paggunita kay* San Cristofer, Martir. *Ito'y mula sa* Para sa Iisang Martir na Hindi Obispo "In virtute."

### SULAT • *1 Cor 4:9-15*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

**MGA KAPATID:** Sa palagay ko, kaming mga apostol ang ginawa ng Diyos na pinakahamak sa lahat ng tao. Ang katulad namin ay mga taong nahatulan ng kamatayan; isang panoorin para sa sanlibutan, ng mga anghel at ng mga tao. Kami'y mga hangal alang-alang kay Cristo; kayo nama'y marurunong dahil kay Cristo! Mahihina kami; kayo nama'y malalakas. Hinahamak kami; kayo nama'y pinaparangalan! Hanggang sa oras na ito, kami'y nagugutom, nauuhaw, at halos hubad; kami'y pinapahirapan at walang matirhan. Nagpapakahirap kami at nagbabanat ng buto para kumita ng ikabubuhay. Idinadalangin namin ang mga lumalait sa amin; kapag kami'y inuusig, nagtitiis kami. Kapag kami'y sinisiraan, mahinahon kaming sumasagot. Hanggang ngayon, kami'y parang maruming basahan, pinakahamak sa lahat ng tao sa mundo. Ito'y isinusulat ko, hindi upang hiyain kayo, kundi upang pangaralan bilang minamahal kong mga anak. Kahit magkaroon pa kayo ng napakaraming tagapagturo sa pamumuhay Cristiano, iisa lamang ang inyong ama. Sapagkat kayo'y naging mga anak ko sa pananampalataya kay Cristo Jesus sa pamamagitan ng Magandang Balitang ipinangaral ko sa inyo. — *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 44:17-18*

| | |
|---|---|
| **CONSTITUES** eos príncipes super omnem terram : mémores erunt nóminis tui, Dómine.<br>*V.* Pro pátribus tuis nati sunt tibi fílii : proptérea pópuli confítebúntur tibi. | **HINIRANG** Mo silang mga tagapangasiwa sa buong sandaigdigan: at lagi nilang maalala ang Iyong ngalan, Poong Mahal.<br>*V.* Sa halip ng iyong mga magulang ay ang iyong mga anak, gagawin mo silang mga pinuno sa buong lupa. |
| **Allelúia, alleluia.** *V.* Nimis honoráti sunt amíci tui, Deus: nimis confortátus est principatus eórum. **Allelúia.** | **Aleluya.** *V.* Ang Iyong mga kaibigan, O Dios, ay talagang sukdol kagalang-galang; ang kanilang pamumuno'y lalo pang pinagtibay. **Aleluya.** |

### EBANGHELYO • *Mt 20:20-23*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Lumapit kay Jesus ang asawa ni Zebedeo, kasama ang dalawa niyang anak na lalaki. Lumuhod siya sa harapan ni Jesus upang sabihin ang kanyang kahilingan. "Ano ang gusto mo?" tanong ni Jesus. Sumagot siya, "Kapag naghahari na po kayo, paupuin ninyo sa inyong tabi ang dalawa kong anak, isa sa kanan at isa sa kaliwa." "Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi," sabi ni Jesus sa kanila. "Kaya ba ninyong tiisin ang hirap na malapit ko nang danasin?" "Opo," tugon nila. At sinabi ni Jesus, "Daranasin nga ninyo ang hirap na titiisin ko. Ngunit wala sa akin ang pagpapasya kung sino ang mauupo sa aking kanan at sa aking kaliwa. Ang mga upuang iyo'y para sa pinaglalaanan ng aking Ama." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalatya.

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 18:7*

| | |
|---|---|
| **IN** omnem terram exívit sonus eórum: et in fines orbis terræ verba eórum. | **TINIG** Nila'y sa buong daigdig naririnig: at umaabot ang kanilang mga salita sa mga dulo ng mundo. |

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

| | |
|---|---|
| **OBLATIÓNES** pópuli tui, quaésumus, Dómine, beáti Jacóbi Apóstoli pássio beáta concíliet : et, quæ nostris non aptæ sunt méritis, fiant tibi plácitæ ejus deprecatióne. Per Dóminum. | **PABANALIN** Mo po ang mga kaloob na aming iniaalay sa Iyo, O Panginoon, at sa pamamagitan ni San Bernabe na iyong Apostol, pakalinisin mo naman po kami sa bahid ng aming mga kasalanan. Sa pamamagitan ni Jesucristo... |